

# GAWAD PLARIDEL LECTURE 2015

Ricardo Lee

On 26 August 2015, the Gawad Plaridel, the highest award given by the University of the Philippines (U.P.) to outstanding media practitioners, was conferred by U.P. Diliman Chancellor Micahel L. Tan, Professor Emeritus Dr. Nicanor G. Tiongson, and U.P. College of Mass Communication (CMC) Deans Elena E. Pernia and Rolando B. Tolentino, on screenplaywright, Ricardo “Ricky” Lee.

This issue of Plaridel publishes three documents relevant to the proclamation of Ricky Lee as 2015 Gawad Plaridel awardee: first, the official citation which enumerates and describes the achievements for which Mr. Lee is being recognized; second, an essay on the life and works of the awardee by UP Department of Filipino and Philippine Literature professor Rommel Rodriguez; and third, the Gawad Plaridel speech of the awardee.

## The Gawad Plaridel 2015 Citation for Ricardo Lee

For creating a body of cinematic masterpieces like *Himala*, *Salome*, *Brutal*, *Moral* and *Gumapang Ka sa Lusak* and many significant films done with other scriptwriters like *Jaguar*, *Relasyon*, *The Flor Contemplacion Story*, *Muro-Ami*, *Jose Rizal*, and *Anak*, all of which gave a faithful depiction and insightful interpretation of the realities of Filipino society, amidst and in spite of the escapism and commercialism of the film industry

For bravely depicting in his films themes considered taboo or radical in Philippine cinema, such as the oppression of women in *Brutal*, *Moral*, and *Karnal*, the abuses of authoritarian leaders in *Gumapang Ka sa Lusak*, the exploitation of sex workers in *Private Show*, the evils of religious superstition in *Himala*, the plight of HIV victims in *Dahil Mahal Kita (The Dolzura Cortez Story)*—all of which he wrote from the point of view of the victims themselves;

For establishing, through his works, the importance of the screenplay as the backbone of the film and the screenwriter as indispensable to the creative process of filmmaking, thereby establishing screenwriting both as a prestigious profession and as a form of literature at par with poetry, fiction and drama;

For creating short stories, novels, essays and plays which, along with his published screenplays, constitute a solid and unique contribution to Philippine contemporary literature;

For writing notable scripts for television like *Lambat*, *Desaparecido*, *Obrero*, *Ina*, *Bilanggo*, *Evelio Javier*, and *Paalam*, *Uncle Sam*, which exposed the lives of his fellow countrymen who were economically disadvantaged and politically marginalized;

For sharing his expertise in scriptwriting, through his screenwriting manual and the Ricky Lee Writers Studio, with at least two generations of writers for film and television, many of whom have made names for themselves and have

contributed to the golden harvest of independent films in the last decade;

The 2015 U.P. Gawad Plaridel is given to Ricardo “Ricky” Lee by the College of Mass Communication of the University of the Philippines on this day, the 26<sup>th</sup> day of August in the year 2015, at the Cine Adarna, UPFI Film Center, University of the Philippines, Diliman, Quezon City.



**ALFREDO E. PASCUAL**  
President, University of the Philippines



**MICHAEL L. TAN, Ph.D.**  
Chancellor, U.P. Diliman



**ROLAND B. TOLENTINO, Ph.D.**  
Dean, U.P. College of Mass Communication

## RICKY LEE: Ang Kwentista sa Pelikula

*Rommel B Rodriguez*

Sa isang bahay sa Xavierville Subdivision, matatagpuan ang silid-aklatan ni Ricardo “Ricky” Lee na dinarayo simula noong 1982 hanggang kasalukuyan ng mga baguhang manunulat ng iskrip sa pelikula. Marami na ring nailuwal na mahuhusay na direktor at manunulat ng iskrip ang halos



dalawang dekadang palihan na ito katulad nina Jeffry Jeturian, Armando Lao at Sigfreid Barros-Sanchez. Sa pamamagitan ng malikhaing ehersisyo na “punching the bag,” hinahayaan niya ang mga kasali sa palihan na magbatuhan ng mga ideya at magtunggalian ng mga pananaw upang makapagluwal ng mga bagong perspektiba tungo sa higit na pagpapahusay ng kanilang mga binubuong iskrip. Naniniwala si Ricky Lee sa halaga ng tunggalian: Ang pagwasak, pagbuo, at muling pagwasak ng mga ideyang pagmumulan ng pinakamahalagang katas sa paggawa ng isang mahusay na iskrip pampelikula.

Sa mga naging serye ng panayam sa telebisyon, pahayagan at magasin, lagi’t laging sinisimulan ni Ricky Lee ang kanyang personal na naratibo sa pagbalik-tanaw sa bayang kanyang pinagmulan at pilit na tinakasan, ang bayan ng Daet sa Camarines Norte. Ipinanganak noong Marso 19, 1948, maagang pumanaw ang kanyang ina. Inampon siya ng mga kamag-anak, at lumaking malayo ang kalooban sa ama. Bagaman isa siyang mahusay na mag-aaral na laging nangunguna sa klase, nanatili siyang mahiyain. Sa pagturing sa Daet na isang maliit at masikip na mundong hindi kayang sakupin ang kanyang maligalig na katangian, ang pampublikong silid-aklatan ng kanilang bayan ang kanyang magiging kanlungan. Dito siya nakakatakas sa pag-angkin ng malikhaing mundo sa mga librong kanyang binabasa.

Sa pagbabasa, inaangkin niya ang katangian ng mga karakter sa mga librong napapasadahan niya ang pahina. Katunayan, may mga pagkakataong pinipilas niya sa libro ang mga pahinang naglalaman ng mga nagustuhan niyang kuwento. Tinitipon niya ito at ginagawang antolohiya ng mga

paborito niyang akda. Kung minsan, nanonood siya ng sine. Kapag walang pambayad, sapat na sa kanya ang pakikinig sa ispiker sa labas ng sinehan upang kahit sa mga dayalogo ng mga karakter, masundan niya ang kuwento ng ipinapalabas na pelikula. Ang silid-aklatan at sinehan ang kanyang nasubaybayang malikhaing espasyo sa Daet.

Sa murang edad, nasaksihan niya ang kalunos-lunos na kalagayan ng kanyang mga kababayan na karamiha'y magsasaka. Sa pagbabantay ng tindahan ng kamag-anak, nagmarka sa kanyang isip ang mga lasing at sumusukang mga kababayan. Mananatili ang mga imahen na ito sa kanyang gunita hanggang sa kanyang pagtanda. Dito mabubuo ang mga unang yugto ng kanyang malikhaing katangian, bukod sa pagbasa ng komiks at pakikinig sa mga kuwento ng kababalaghan ng mga kasamang nakatatanda sa bahay. Ang mga alaala ring ito ang kanyang wawasakin sa pagbuo ng mga kuwento, upang sa huli'y wasaking muli ang inaakalang magiging permanente niyang lunan. Unti-unti niyang isasabuhay ang pagiging maligalig na indibidwal na magkakaroon ng manipestasyon sa mga isusulat niyang mga kuwento at pelikula sa hinaharap.

Malaki ang ambag at impluwensiya sa pagkatao at pagiging manunulat ni Ricky Lee ang natuklasan niyang mga ilog ng kamalayan na dumadaloy sa panulat nina Nick Joaquin, William Faulkner, Gabriel Garcia Marquez, at Fyodor Dostoevsky. Pansamantala siyang nakakatakas kapag binabasa ang kanilang mga akda. Ang mga manunulat na ito at kanilang mga likhang tauhan ang tutulong kay Ricky Lee sa plano niyang pagtakas at paglayas sa bayan ng Daet. Sa huli, hindi na lamang sa imahinasyon mangyayari ang kanyang tangkang pag-alis. Matutupad ito sa tulong ng mga kilalang manunulat at personalidad na kanyang nababasa sa mga publikasyong nakakarating sa kanilang bayan. Magpapadala siya sa kanila ng mga kuwento na may lakip na personal na mga liham. Naglalaman ang mga liham ng pagsusumamong tulongan siyang makaalis ng Daet, pumunta ng Maynila at maging isang ganap na manunulat. May hindi sasagot, may ibang patay na pala, at may hindi siya bibiguin. May mabubuting kalooban na tutugon tulad ni Carlos P. Romulo, at may magpapadala ng mga libro sa katauhan ni Wilfrido Ma. Guerrero.

Aminado si Ricky Lee na nabuhay siya sa kabutihan ng mga tao na hindi niya kakilala, kaya marahil, sang-ayon na rin sa kanya, hindi nawawala ang tiwala niya sa mundo. Papalakasin ang kanyang loob ng mga matatanggap niyang tugon na liham nina Kerima Polotan at Bienvenido Santos. Madidiskubre siya ni Ben Medina at ilalathala ang kanyang kuwentong "Mayon" sa *Philippine Free Press*. Ang bayad sa kuwentong ito ang kanyang gagamiting pamasaha sa pag-alis ng Daet tungong Maynila, kasama ang apat

pang mga kababata. Dahil sa hirap ng buhay, babalik ng Daet ang kanyang mga kasabayang naglayas. Mag-isa siyang matitira sa tinahak na syudad. Naglako siya ng mga libro para sa pantustos sa mga gastusin. Pinasok niya ang samu't saring trabaho tulad ng pagiging waiter, accountant clerk sa isang electronics store, at tutor habang sinusupportahan ang sarili sa pag-aaral ng kolehiyo sa gabi sa Lyceum of the Philippines.

“Kapag nanggaling ka sa buhay na mahirap at tunggalian, magiging bahagi iyon ng iyong pagsulat, wala man ito sa kamalayan.”

Taong 1966, pumasok at nag-aral ng A.B. English si Ricky Lee sa U.P. Diliman. Nakitira siya sa bahay ni Wilfrido Ma. Guerrero bago naging dormer sa Narra Residence Hall. Kung minsan, nakikitulog siya sa kuwarto ni Pete Daroy sa Faculty Center. Ang U.P. Diliman ang kanyang magiging paboritong lugar sa buong mundo. Nakasama niya rito ang ibang pang mga artista't kabataan. Tutok siya sa pag-aaral. Makikilala siya dahil sa pagkakalathala ng “Dapithapon ng Isang Mesiyas.” Taong 1969, nagwagi sa prestihiyosong Gawad Palanca ang kanyang kuwentong “Wei-fung” at noong 1970 naman, ang “Servando Magdamag.” Sa mga taon ding ito masasaksihan niya sa unibersidad ang pagkilos ng mga kabataang aktibista. Dahil kilala na siya bilang manunulat, magpapasalin sa kanya ng mga polyeto sina Ninotchka Rosca at Sixto Carlos, hanggang sa makita na lamang niya ang sarili na bahagi ng kilusang kabataan sa pamantasan. Samantala, lalawak ang ugnayan niya sa mga kasabayang manunulat tulad nina Jun Cruz Reyes, Fanny Garcia, Lualhati Bautista at Domingo Landicho. Naging bahagi siya sa pagbuo ng antolohiyang *Sigwa* na maglalaman ng mga kuwentong realistiko at nakikisangkot sa nasa ng pagbabagong panlipunan. Aminado siyang produkto ang kanyang pagsulat ng isang henerasyon ng mga alagad ng sining sa panahon ng Batas Militar. Nagtutulungan sila upang maging mahusay ang bawat isa, upang maging malikhain at kritikal.

Naging aktibo si Ricky Lee sa lihim na kilusan. Ito ang naging dahilan sa pag-raid ng mga militar sa tinutuluyan niyang bahay. Isang taon siyang makukulong sa Fort Bonifacio kasama ang ibang pang bilanggong politikal at makabayang manunulat katulad ni Bienvenido Lumbera. Sa panahong ito tatangkain niyang magpatiwakal. Mararatay siya sa sakit ng halos tatlong buwan. Magsusuka siya ng dugo. Sa kabila ng lahat ng ito, kapag binabalikan ni Ricky Lee ang mga alaala ng kulungan, kasabay na nabubuo sa kanyang gunita ang ipinakitang malasakit ng kanyang mga kasamahang bilanggong politikal. Kaya marahil nakukuha niyang ngumiti sa pagbalik-tanaw sa marahas na nakaraan.

“Walang destinasyon ang pagsulat, dahil kapag dumating ka sa isang destinasyon, iyon ang iyong magiging katapusan bilang manunulat.”

Binubuksan ni Ricky Lee ang iba't ibang pintuan, hindi man siya tiyak sa maaaring kahinatnan nito. Hindi siya tagahanga ng pagiging segurista. Boring para sa kanya na maging tiyak sa kahihinatnan ng desisyon at aksyon. Napatunayan niya ang halaga ng pagbukas ng anumang pintuan upang maging manunulat: bangin man o isang halimaw ang bumungad. Para sa kanya, kailangan ng manunulat ang lakas ng loob sa pagbukas ng mga maling pintuan upang hindi makulong sa mga inaakalang pamantayan at kumbensyon sa pagsulat.

Payat ang kanyang pangangatawan subalit malusog na malusog ang kanyang malikhaing isipan. Napatunayan ito ng mga makakatrabaho niyang mahuhusay na direktor tulad nina Lino Brocka, Ishmael Bernal, Mike de Leon, Marilou Diaz-Abaya, at Laurice Guillen. Makakasalpukan niya ng mga pananaw at estilo sa paggawa ng pelikula ang makikilala niyang mga direktor. Para sa kanya, kapag nagsalpukan ang mga ideya, ang produkto ng salpukan na ito ang magiging pinakamagandang katas. Ang mga pelikulang *Jaguar* at *Salome* ang ilan sa mga magiging produkto ng malikhaing salpukan ng mga ideya sa pagitan ng direktor at manunulat.

Naging lunsaran niya ang personal na naratibo at anekdota ng mga taong nakapaligid sa kanya tungo sa higit na pag-unawa sa kondisyon ng tao sa lipunan. Naging laman siya ng kalye, tambay sa Quiapo, nagpapalipas ng gabi sa Luneta at Malate. Makakasalamuha niya ang mga latak ng syudad; mga batang kalye, mga puta't durugista. Isisiwalat niya ang mga naipong tala't gunita sa pamamagitan ng panulat. Aminado si Ricky Lee na hindi ito madaling gawin, na para kang nagbubukas muli ng mga sugat na inakalang tuluyan nang naghilom.

Nagkaroon nang malikhaing manipestasyon ang pagiging maligalig na indibidwal ni Ricky Lee sa mga sinulat niyang akda. Sa pamamagitan ng salimbayan ng pagbuo at muling pagwasak, tinitipon niya ang pinakaesensyal na mga ideyang iniluluwal ng mga tunggalian. Hindi ito maikakaila sa pahina ng mga unang kuwentong kanyang isinulat tulad ng "Kabilang sa mga Nawawala," "Dapithapon ng Isang Mesiyas," at "Si Tatang, Si Freddie, si Tandang Senyong at iba pang mga Tauhan ng Aking Kuwento." Ilan lamang ang kuwentong ito na kapwa kikilalanin ang husay ng estilo sa pagkuwento at malalim na pagkaugat sa mga usaping politikal at historikal sa konteksto ng lipunang Filipino. Bibitbitin niya ang mga usapin na ito sa paglipat niya sa pagsulat ng pelikula. Puputaktihin niya ang mga manonood ng mga paksa hinggil sa mga domestikong relasyon, pangingibang-bayan, armadong pakikibaka, at siyempre, mga kuwento ng kamatayan at pag-ibig.

Tulad na lamang ng pagsulat niya sa iskrip ng mga klasikong pelikulang *Moral*, *Brutal*, at *Himala*. Tumataliwas ang naratibo at estilo ng mga

pelikulang ito sa nakasanayang daloy at tema ng pelikula. Hindi malinaw ang umpisa, gitna at wakas subalit nasusunod ang kuwento. Sa *Moral*, walang iisang tauhan at pangyayari ang kailangang subaybayan ng mga manonood. May kani-kaniyang kuwento ang bawat pangunahing tauhang babae. Isang eksena ng pagbiyahe ni Joey na inihahatid ng kanyang barkada ang magiging katapusan ng pelikula bilang pahiwatig ng pagpapatuloy sa kanyang buhay na umiral sa walang katiyakan. Gayundin ang *Brutal* na nagsimula sa pagtatapos ng isang madugong paghihiganti. Sa pamamagitan ng nagkakasali-salikop na mga gunita't eksena, sa huling bahagi isisiwalat ni Monica ang lahat-lahat ng kanyang sinapit na pisikal at sekswal na pang-aabuso. Sa pagkamuhi ni Monica sa sarili at kawalang pag-asa, papalayain niya ang sarili sa isang marahas na paghihiganti. Wala siyang pagsisising gagawin. Sa *Himala*, mapangahas na isisiwalat ni Elsa ang tungkol sa huwad na pananampalataya. Nais tulungan ni Elsa na makakita ang mga bulag na tagasunod sa mga gawa-gawang kabanalan. Mabibigo siya at ang sariling buhay ang magiging kapalit ng pagtatangkang iyon. Kaya napapaisip ang mga manonood sa mga pelikulang sinulat ni Ricky Lee. Nililigalig ng kanyang paraan ng pagkukwento, paglikha ng mga eksperimental na eksena at pagbuo ng tauhan ang ekspektasyon ng mga manonood. Kusang dumarating ang hindi inaasahan.

Nagagawa na ngayong balikan ni Ricky Lee ang personal niyang biyahe't paglalakbay tungo sa pagiging manunulat. Lagi't lagi niyang nagagawan ng paraan na maisalin ang mga ito bilang mga materyal sa pagsulat. Lagi niyang inuulit ang halaga ng pagyakap sa mga pagkakamali, danas ng dahas, lungkot, at pagiging sawi sapagkat nagsisilbing mayamang bukal ang mga ito sa pag-iral ng sarili. Sabi niya nga, parang lente ang sensibilidad ng manunulat. Mahalagang nasusugatan ang lenteng ito upang makapagsulat nang makatotohanan tungkol sa buhay ng tao. Para kay Ricky Lee, bahagi ng pagkatuto ang mga sugat.

Kung may biyahe tungo sa pagkamulat, mahalagang magtulungan ang manunulat at manonood na makarating doon. Naniniwala si Ricky Lee na layunin ng manunulat na mag-destabilisa ng awtoridad at makapangyarihan, sapagkat may kagandahan dulot ang pagwasak. Dahil buhay ng mga manonood ang kanyang kinu-kuwento, dapat siyang maintindihan. Dinadala niya ang kanyang pelikula sa mga manonood upang magtulungan silang magbukasan ng mga mata upang sabay na matuto. Naniniwala siya sa halaga ng pagtutulungan upang mabuksan ang isip, puso at kaluluwa ng manonood. Gusto niyang mabuksan ang mata ng mga manonood, hindi upang ituro ang tamang direksyon, kundi upang sabay silang maglakbay tungo sa katotohanan. Bilang manunulat, pinanghahawakan niya na kailangan



niyang mag-isip ng mga pamamaraan upang higit siyang maunawaan ng mga tagapagtangkilik ng pelikula.

Sa ngayon, matagumpay niyang iniluwal ang kanyang unang dalawang nobelang nagsilbi niyang kanlungan sa mga panahong kailangang panandaliang lisanin ang kaliwa't kanan na mga proyekto't trabaho. Kaya ganun na lamang ang kanyang pagtangi sa nobelang *Para kay B*, at *Amapola*, sapagkat pagbalik ito sa kanyang unang minahal na anyo ng sining ng pagsulat, ang nobela. Sa mga naging biyaheng maligalig at patuloy na paglalakbay ni Ricky Lee bilang indibidwal at manunulat, isiniwalat niya ang pinanghahawakang dahilan ng kanyang pag-iral: kailangan niyang magsulat dahil kailangan niyang magsulat; pagsulat ang kanyang pugad at natatanging tahanan.

**ROMMEL RODRIGUEZ** is currently teaching Philippine Literature and Creative Writing in Filipino at the Department of Filipino and Philippine Literature, College of Arts and Letters, University of the Philippines, (UP) Diliman. He obtained his doctoral studies in Filipino in UP Diliman last April 2011 (corresponding author: rommelrdrgz@gmail.com).



Mr. Ricky Lee accepts the UP Gawad Plaridel (2015) Award. From left: Former UP College of Mass Communication (CMC) and Professor Emeritus Dr. Nicanor G. Tiongson, College of Mass Communication Deans Elena Pernia and Rolando B. Tolentino, Mr. Ricky Lee, and UP Diliman Chancellor Michael Tan.

## PAGLALAKBAY

*Ricky Lee*

Maraming maraming salamat sa pagkakataong ito upang makabalik uli dito sa UP. Napakahalaga sa akin ng UP. Hanggang ngayon, sa tuwing may bago akong ilu-launch na libro, dumadaan muna ako sa UP Chapel. Sabi ko nga sa interview sa akin ng *Inquirer*, “UP grounds me, criticizes me, betters me.”

Pero hindi ako magli-lecture. Sa halip, I will just share some anecdotes in my journey as a writer. Ito ang mga anecdote na madalas kong ikuwento sa mga workshop ko.

Noong nasa Daet pa ako, lagi kong nababasa sa mga komiks at napapanood sa mga pelikula ang tungkol sa Maynila, lalo na ang Quiapo. Feeling ko noon, kapag nakarating ako ng Quiapo, matutupad lahat ng mga pangarap ko. Noong fourth year high school ay nakapagpalathala ako ng short story sa isang magasin. Nang mabayaran ako, lumayas ako ng Bikol at nakarating ng Maynila. Quiapo ang una kong pinuntahan.

Pero dito sa UP ako nabuo bilang isang manunulat. Karamihan sa nauna kong mga akda gaya ng *Servando Magdamag* at *Kumander Tangkad* ay sinulat ko sa Narra Residence Hall. Ang tawag nila sa akin noon ay Bikolanong

Intsik na nag-aaral ng AB English pero nagsusulat sa Pilipino. Lagi akong naka-rubber shoes na may nakasulat na Raskolnikov dahil favorite author ko si Dostoevsky. Madalas ako matulog sa Lagoon, maski minsan ay na-infect ang tenga ko, at minsan naman ay ang paa ko.

Dito rin sa UP ako unang namulat. Kung anuman ang mga kamalayang panlipunan na makikita sa mga sinusulat ko, sa literatura man o pelikula, bunga ito ng pagkamulat ko dito sa UP. Salamat sa tulong nina Ninotchka Rosca, Amado Hernandez, at iba pang mga progresibong kaibigan at guro.

Noong second year ako dito sa UP ay naging staff member ako ng magasing *Asia-Philippines Leader*. Editor si Nick Joaquin at katrabaho ko sina Pete Lacaba. Noong first day of work ay sinabi ko kina Pete na papasyal muna ako sa itaas, titingnan ko ang paligid.

Sa itaas, naglakad ako papunta sa bintana. May glass door pala. I walked through the glass door. Bumagsak iyong salamin at natadtad ako ng bubog sa leeg, mukha, at mga braso. Dinala ako nina Nick sa clinic. Tanong nang tanong iyong nurse kung lasing ako.

That afternoon, sabi ni Ninotchka, “Hoy, Ricky, ‘yung nilakaran mong salamin, may naiwang shape ng tao.” Ha? Binalikan ko. Wala naman. Pero bagsak ang buong salamin. Ang mga katabi nitong glass door ay nilagyan na ng malalaking ekis na masking tape. Nasa basurahan ang mga basag na salamin. Pumulot ako ng isang piraso at inuwi ko.

Mula noon ay kumalat na ang balitang I will walk through any door. Totoo iyon. May pagkabobo talaga ako. Wala akong sense of direction. Mahina ang sense of detail ko. Hindi ko alam kung ano ang brand ng isang baril o structure ng isang bahay. Mahina ang memory ko. Kaya lagi akong nagwu-worry, paano ako magiging mahusay na writer?

Second year din ako sa UP noong nag-apply ako for Filipino citizenship sa Department of Foreign Affairs. Paglabas ko ng building ay naghanap ako ng dyip na masasakyan papuntang Ermita. May nakita akong kotseng nakabukas sa tapat ko. Nakaupo sa loob ang isang babaeng Intsik. Sumakay ako. Tapos ay may sumakay naman sa tabi ko na lalaking Intsik. Akala siguro ng babae ay kasama ako ng lalaki, at akala naman ng lalaki na kasama ako ng babae. Ako, wala akong akala. Iniisip ko lang, bakit ako napasok dito? Pagkalagpas namin ng dalawang kanto ay sinabi ko, “Para po!” Saka ako bumaba.

Pumapasok ako sa maling kotse hanggang ngayon. Ang van ko ay may sticker na *Si Amapola* sa magkabilang bintana para hindi ako magkamali. Noong 1980s, nang makabili ako ng una kong kotse, hinihintay kong kumonti ang mga naka-park sa SM North para less ang chance na magkamali ako. One time sakay na ako ng taksi pauwi sa UP Village. Mga two blocks away na kami nang maalala ko, “Ay, may kotse at driver nga pala akong naghihintay sa SM!”

But in hindsight, I realized that this clumsiness was also a blessing. Mahalaga sa isang manunulat ang magbukas ng pinto, anuman ang nasa likod nito, bangin man o dilim o monster. Hindi ka puwedeng sigurista.

Kaya sa mga una kong kuwento at pati na rin script sa pelikula, anlakas-lakas ng loob kong magbukas ng anumang pinto. Hindi ako natakot magkamali at hindi ako natakot sumuway sa rules. Sinubukan ko ang stream of consciousness sa *Servando Magdamag* kahit bihira pa ang gumagawa nito sa Filipino noon. Ang *Brutal* ay may flashback within a flashback at sobrang non-linear. Ang *Moral* ay walang plot, walang inciting incident, actually walang kuwento.

Hindi ako natakot na tumalakay ng mga subject na taboo o kaya ay bihirang i-tackle lalo na sa pelikula gaya ng homosexuality, marital rape, parricide, at iba pa. Pumasok ako sa iba't ibang larangan ng pagsusulat, mula maikling kuwento, kanta, komiks hanggang journalism, theater, at pelikula. Anong masama kung magkamali? Anuman ang tagumpay na narating ko ngayon, nakatuntong ako sa isang bundok ng pagkakamali.

Naging bukas din ako na makatrabaho ang halos lahat ng klase ng direktor, unlike other writers na kung sino ang kagamay ay siya lang ang laging katrabaho. Ang mga nakasama kong direktor ay may iba't ibang estilo, pagkatao, method of work at pilosopiya. Para akong winu-workshop, hinihila sa lahat ng direksyon. Si Ishmael Bernal, tuwing may pelikula kami, ang gusto ay walang katapusang diskusyon tungkol sa pilosopiya. "Ano ang pilosopiya ni William Martinez?" tanong niya sa akin matapos kong mag-submit ng outline ng *Manila By Night*. "Wala," sabi ko. "Maski wala, pilosopiya pa rin niya 'yun," sagot niya.

Si Lino Brocka ay very down to earth, ang uunahin ay ang kuwento -- ano ang nangyari at bakit niya ginawa? Si Marilou Diaz Abaya naman would discuss with me the different ways that Lorna in *Moral* and Philip in *Karnal* and Vilma in *Baby Tsina* walked. Para sa kaniya, how they walked defined their personalities. Sina Laurice Guillen, Mel Chionglo, Elwood Perez, Gil Portes, Joel Lamangan, Olivia Lamasan at iba pa, iba-iba silang pinto na laging hindi ko alam kung saan ako dadalhin.

Nang magsimula akong manalo ng awards ay hindi ako kailanman naniwala na ako ang best scriptwriter. Walang ganoong nilalang. Humuhusay ako dahil sa mga direktor na katrabaho ko at sa mahuhusay na writer na kasabayan ko. Sina Pete Lacaba, Raquel Villavicencio, Doy del Mundo, Lualhati Bautista at iba pa—we came as a wave. Isa lang akong patak.

Nagsimula ako to conduct free scriptwriting workshops noong 1982. Nakakaapat pa lang yata akong pelikula noon, at naaalala kong may sikat at award-winning scriptwriter na kumuwestiyon, ano naman daw ang ituturo ko, kabago-bago ko pa lang. Pero naniniwala ako na habang natututo ka ay

doon ka rin dapat nagshi-share. The writer is never an island. The act of creating necessitates the act of sharing.

Umaabot ng anim na buwan o mahigit ang haba ng bawat workshop. Kala-kaladkad ko ang mga workshopper sa mga shooting, sa mga premiere night at mga paggagala. Halos sa bahay ko na sila nakatira. Nauubos lahat ng savings ko tuwing may workshop.

Each time ay nakaharap ako sa mahigit tatlumpung taong iba't iba ang pilosopiya, estilo, method of work, at pagkatao. And they stretch me left and right, north and south. Para din akong winu-workshop.

Kailangang marunong kang makinig, iyan ang isa sa mga lagi kong sinasabi sa mga workshopper, hayaan mong i-workshop ka ng paligid mo. Minsan dinadala ko sila sa Luneta, doon kami natutulog. Pagkagising sa umaga tinatanong ko sila, "Ano ang una n'yong naririnig?" Huni ng mga ibon. Kalantog ng kaldero ng mga taong nagluluto sa damuhan. Mga nagwawalis. Ngayon, mas importante, "Ano ang mga hindi n'yo naririnig?" You have to listen to the silences. Sa mga daing, mga hindi nakamtang pangarap, o mga namatay na pag-asa. Iyong batang nagra-rugby sa eskinita. Iyong sinalvage sa bangketa.

Lagi kong sinasabi sa mga workshopper, lalo na sa mga kabataan ngayon na mahilig sa shortcut, "Huwag kayong magmamadali. The journeying is what is important. Bonus na lang ang makarating kayo. Kapag may rally sumali kayo. Mahalaga na maamoy ninyo ang mga kandila, matapakan ang punit na placard, matikman ang tear gas. It will be a tragedy kung in the future kapag nagsulat kayo ay you have to research pa on something na dapat ay naranasan na dahil nandoon naman kayo."

Lagi akong tinatanong ng mga gustong magsulat, "Paano ako makakapagsulat kung ang karanasan ko ay puro bahay at eskuwela lang?" Ang lagi kong sagot, "Wala sa dami ng karanasan 'yan. It's how you listened. Kung marami ka ngang karanasan pero hindi ka naman nakinig, wala rin."

May isa akong karanasan noong 1974, bago pa ako pumasok sa mundo ng pelikula. Sa Fort Bonifacio habang nakakulong, I started coughing blood. Madami at saganang dugo. Tatlong buwan ako sa military hospital, ganoon kalala. Pagkatapos ay ibinalik uli ako sa kulungan.

Pagkalipas ng ilang buwan ay nag-relapse ako. Umubo uli ako ng dugo. Nag-apela kami sa authorities na ibalik ako sa ospital. Ayaw na nilang makinig. Kasi kaming mga nakakulong, minsan nagsisinungaling na masakit ang tenga, o ngipin, o dibdib, para lang makasagap ng malayang hangin.

Tinulungan ako ni Gemma Cruz-Araneta na umapela kay Juan Ponce Enrile na Defense Secretary at that time. Isang hapon ay pinatawag ako sa guardhouse. Doon ay isang Colonel ang naghihintay. "Ikaw ba si Ricky Lee?" tanong niya. "Opo," sagot ko. "Yung writer?" Opo. "Umuubo ka raw

ng dugo?” Opo. “Sige nga,” sabi niya, “umubo ka nga ng dugo.” “Sandali po,” sabi ko. Nag-concentrate ako, saka umubo. Walang lumabas na dugo.

“Kayo talagang mga aktibista,” sabi niya, “sinungaling kayo!” “Hindi po,” sabi ko. “Sandali lang po.” Saka nag-concentrate uli ako, inisip ko kung paano ko nagawang napakadali noon. Saka umubo ako nang umubo nang umubo. Wala pa ring lumalabas. Ayaw mag-cooperate ng katawan ko.

“Gago ka talaga,” sabi ng Colonel. “Sige, hubarin mo ang T-shirt mo. H’wag kang sumandal. Kunan mo nga ng retrato ito, sinungaling!”

Sabi nila, you are what you write, and what you write defines you. Kaya siguro hanggang ngayon sa mga pelikula o nobelang sinusulat ko, laging kontrabida ang mga colonel.

Lately, sinusulat ko ang *Trip to Quiapo 2* na gusto kong gawing memoirs din. I was sorting out old letters nang makita ko ang sulat ni Kerima Polotan noong second year high school pa lang ako sa Daet. Noon kasi, sa kadesperaduhan kong maging writer, sinulatan ko halos lahat ng sikat na writer sa Maynila, at marami namang sumagot. Isa sa kanila si Wilfrido Ma. Guerrero, na pinagbenta pa nga ako ng mga libro niya upang kumita ako. At si Kerima.

Ang sabi ni Kerima, kung nagkaroon daw siya ng pagkakataong magpalit ng isip, sana ay naging modista na lang siya o teacher, dahil ang pagiging writer ay may kakabit na kakaibang kalungkutan. Pero kung nakahanda raw ako sa ganoong klase ng malungkot na buhay, by all means, goodluck daw sa aming dalawa.

Tama siya. Ngayon, matapos ang mahigit forty years na pagsusulat, naranasan ko na yata lahat, lalo na sa mundo ng pelikula. Rejections. Frustrations. Scripts which turned out bad. Pasensya na, tao lang, writer lang. Bad reviews, iyong parang hiniwa ka ng blade tapos iniwan kang nagdurugo sa kalsada. Intriga. Hindi nabayaran o nabigyan ng tamang credit. Tuwing magsusulat ka ay para kang nakikipagbuno sa diyos. May isang filing cabinet ako ng mga script na hindi na-produce, parang mga baby na na-abort. Kaya naitatanong ko, “Ano na nga ang trabaho ko?” Madalas kapag binabati ako ng mga tao, hanggang ngayon ay tinatawag pa rin akong Direk o kaya ay Ricky Lo. Wala pa ring nagbago.

But what choice do you have? To be a writer who doesn’t write? Anong klaseng sumpa iyon? Kailangang tanggapin mo na ang pagsusulat ay isang walang katapusang paglalakbay. You never get there. You just keep going.

But sometimes, along the way, you get recognitions like this—like UP Gawad Plaridel. And then it’s all worth it.